**Nagkakaisang pahayag para sa**
**SONA ng Sambayanan 2026**
**Hulyo 27, 2026**

***[ENGLISH Version also available at the last portion]***

Panlimang State of the Nation Address (SONA) na ni Pangulong Ferdinand “Bongbong” Marcos Jr. sa Hulyo 27. Dalawang taon na lang at tapos na ang kanyang termino. Pero nasaan na ang pangakong maginhawang buhay, ang “Bagong Pilipinas” para sa bawat Pilipino?

Upper Middle Income Country na raw tayo, pero sa pinakahuling Social Weather Stations (SWS) survey, 52% ng mga pamilyang Pilipino ang nagsasabing sila’y mahirap. Napakaraming walang trabaho, lalo na sa mga kabataan, o kaya ay kontraktuwal, mababa ang sahod, at sinisikil ang karapatang mag-unyon, kabilang ang mga digital platform workers. Baon sa utang ang mga magsasaka dahil bukod sa walang lupa, nagmahal ang binhi, pataba, pestisidyo at gasolina habang tuluy-tuloy ang importasyon ng bigas at iba pang produktong pagkain. Mula 12.79 trilyong piso noong 2022, mahigit 18 trilyong piso na ang utang ng bansa pero walang sapat na irigasyon, silid-aralan, farm-to-market roads, publikong ospital, pabahay at iba pa.

Sa taas ng presyo ng bilihin at laki ng buwis tulad ng VAT, hirap magbadyet sa pamilya ang mga nanay. Patuloy na dinedemolish, pinapalayas, at sinusunog ang mga tahanan ng maralita. Sa maraming probinsya, tuloy ang pangangamkam ng lupa ng mga asendero, real estate developer, mining companies at mga dambuhalang proyektong nakakapinsala sa kalikasan at mga komunidad, lalo ng mga Lumad (indigenous people or IPs) na deka-dekadang nakatira sa kanilang lupang ninuno (ancestral domain). Sa halip na harapin ang mga problemang ito, pagwawalang-bahala, dahas, at panggigipit ang sagot ng gobyerno.

Samantala, tuloy ang ligaya ng mga kurakot, abusado, at kapit-tuko sa pwesto.

Isang taon na ang lumipas mula nang sumambulat ang flood control scam pero iilan lang ang nakasuhan. Malaya at namamayagpag pa rin ang mga pangunahing korap na mga pulitiko at kontraktor. Hindi pa nababawi ang bilyun-bilyon na kinulimbat nila. Bakit hindi na kinasuhan sina Sec. Bersamin, Bonoan at Pangandaman, o kaya sina Usec. Bersamin at Olaivar? Paano ang mga congressman tulad nina Martin Romualdez, Zaldy Co at Sandro Marcos? O mga iba pang senador tulad nina Chiz Escudero at Joel Villanueva? Kaya’t nananatili ang ating panawagan—lahat ng sangkot, dapat managot, mula sa tuktok hanggang sa ibaba!

Dapat lang na litisin at panagutin si VP Sara Duterte sa pagwaldas niya sa mahigit ₱600 milyong confidential at intelligence funds, panunuhol sa mga DepEd officials, pagkakaroon ng diumano’y lihim na yaman at pagbabanta sa Pangulo. Pero dapat din managot si Pangulong Marcos Jr. dahil sa ilalim ng kanyang administrasyon, garapal na ninanakaw ang badyet na dapat ay para sana sa tulong sa mga magsasaka; disenteng trabaho sa mga manggagawa; ligtas na classroom, mga libro at gamit ng mga estudyante; sweldo ng mga guro at nars; gamot at pasilidad para sa pampublikong kalusugan; social pension sa may edad; murang pabahay sa maralita; maayos na transportasyon publiko; at iba pa.

Para sa amin, hindi tamang mamili sa pagitan ng mga Marcos at Duterte. Ang kanilang mga political dynasty ay walang pinag-iba. Pare-pareho silang korap, pahirap sa bayan, mapaniil, at sunud-sunuran sa iilang makapangyarihang pamilya pati mga dayuhang interes.

Sa darating na SONA, ang ating nagkakaisang panawagan:

- Mamamayan, magkaisa at kumilos!
- Tama na ang pagpapahirap, pagnanakaw at kawalang-pananagutan!
- Tama na ang paghahari ng mga political dynasty!
- Panagutin ang mga Marcos, Duterte at lahat ng tulad nilang pahirap sa bayan!

Higit sa pagpapalit ng tao, kailangan ang makabuluhang pagbabago sa sistemang panlipunan. Kabilang sa aming panawagan ay ang nakabubuhay na sahod at sapat na kita, mababang buwis at presyo ng mga bilihin, de-kalidad na edukasyon, libreng serbisyong pangkalusugan, at murang pabahay!

Kasabay nito, kasuhan at parusahan ang lahat ng korap at abusado sa gobyerno. Bawiin ang nakaw na yaman at unahin sa pambansang badyet ang kapakanan ng mamamayan. Ipasa ang isang may ngiping Anti-Dynasty Law, ayusin ang sistemang partylist at magpatupad ng makabuluhang reporma sa sistema ng eleksyon.

Inaanyayahan namin ang lahat na magsama-sama sa Hulyo 27, ganap na 3:00 ng hapon sa harap ng St. Peter Parish: Shrine of Leaders, sa Commonwealth Avenue, Quezon City para ipakita ang ating pagkakaisa at paninindigan.

Mga Lumagda:

—--

***Direkta pong i-encode sa link sa ibaba ang pangalan at kinakatawan o kinabibilangang organisasyon. Irerearrange po natin ang names bago ilabas sa social media at media to ensure na sa unahan ng list ay makikita agad ang leaders ng iba't ibang organisasyon. For internal sharing lang po muna ito at hindi pa for public sharing. Hanggang Wed, 9pm po sana ay nakapirma na ang leaders para Thursday am ay maipadala na sa media: (I-CLICK PARA MA-ENCODE ANG PANGALAN AT ORGANISASYON):***
*https://docs.google.com/document/d/1keOf4ieQ21my4FlybMmMlFyvdErZhns1onHo7l5jgGc/edit?usp=sharing*

**ENGLISH VERSION:**

**Unity Statement for the People's State of the Nation Address (SONA) 2026**
July 27, 2026

President Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. will deliver his fifth State of the Nation Address (SONA) on July 27. Only two years remain in his term. But where is the promised better life—the "New Philippines" that was supposed to benefit every Filipino?

The government claims that the Philippines is now an Upper Middle-Income Country. Yet, according to the latest Social Weather Stations (SWS) survey, 52% of Filipino families still consider themselves poor. Unemployment remains widespread, especially among the youth. Many workers continue to endure contractual employment, low wages, and the suppression of their right to organize, including digital platform workers. Farmers remain trapped in debt because, aside from being landless, they are burdened by the rising costs of seeds, fertilizer, pesticides, and fuel, while the importation of rice and other food products continues unabated. The country's national debt has grown from ₱12.79 trillion in 2022 to more

than ₱18 trillion today, yet there is still no adequate investment in irrigation, classrooms, farm-to-market roads, public hospitals, housing, and other essential public services.

With soaring prices and heavy taxes such as the Value-Added Tax (VAT), mothers struggle every day to make ends meet. Poor communities continue to face demolitions, forced evictions, and even the burning of their homes. Across many provinces, landlords, real estate developers, mining companies, and large-scale projects that damage the environment and local communities continue to seize land, particularly in areas inhabited for generations by Lumad (Indigenous Peoples) within their ancestral domains. Instead of addressing these problems, the government's response has been indifference, repression, and harassment.

Meanwhile, corrupt officials, abusive politicians, and those who cling to power continue to prosper.

One year has passed since the flood control scam was exposed, yet only a handful of individuals have been charged. The principal corrupt politicians and contractors remain free and politically influential. The billions of pesos they allegedly stole have yet to be recovered. Why were Secretary Bersamin, Secretary Bonoan, and Secretary Pangandaman no longer prosecuted? What about Undersecretary Bersamin and Olaivar? How about congressmen such as Martin Romualdez, Zaldy Co, and Sandro Marcos? Or senators such as Chiz Escudero and Joel Villanueva? Our demand therefore remains unchanged: everyone involved must be held accountable—from the highest officials to the lowest.

Vice President Sara Duterte must be tried and held accountable for the misuse of more than ₱600 million in confidential and intelligence funds, the bribery of Department of Education officials, the accumulation of unexplained wealth, and the threats against the President. But President Marcos Jr. must likewise be held accountable because, under his administration, public funds intended for assistance to farmers, decent jobs for workers, safe classrooms, books and learning materials for students, salaries for teachers and nurses, medicines and facilities for public healthcare, social pensions for senior citizens, affordable housing for the poor, efficient public transportation, and many other essential services have been brazenly stolen.

For us, choosing between the Marcoses and the Dutertes is a false choice. Their political dynasties are fundamentally no different from one another. They are equally corrupt, impose hardships on the people, resort to authoritarian practices, and remain subservient to a handful of powerful families and foreign interests.

As the SONA approaches, our united call is:

People, unite and take action!
Enough of hardship, corruption, and impunity!
Enough of the rule of political dynasties!
Hold the Marcoses, the Dutertes, and all others who oppress the Filipino people accountable!

More than merely replacing one set of leaders with another, the country needs meaningful transformation of the social system itself. We call for living wages and adequate incomes, lower taxes and affordable prices of basic goods, quality education, free healthcare services, and affordable housing.

At the same time, all corrupt and abusive government officials must be prosecuted and punished. Ill-gotten wealth must be recovered, and the national budget must prioritize the welfare of the people. A

strong Anti-Dynasty Law with real enforcement mechanisms must be enacted, the party-list system must be reformed, and meaningful electoral reforms must be implemented.

We invite everyone to join us on July 27 at 3:00 p.m. in front of St. Peter Parish: Shrine of Leaders, Commonwealth Avenue, Quezon City, to demonstrate our unity and our shared commitment to these demands.